

## ***Tamang Mga Mapagkukunang para sa Salapi Pamumuhunan Interes at Mana***

Ipagpapatuloy natin ang pag-usap sa mensaheng ito tungkol sa tamang pinagkukunan ng pera. Dati nating tinalakay ang pagsusumikap at pag-iimpok at huwag magsayang. Sa mensaheng ito, tatalakayin natin ang pamumuhunan, interes, at mana.

**I. Pamumuhunan:** Ito ay ilagay ang ating pera sa isang proyekto o tiyak na gawain at mula rito, makakatanggap tayo ng kita. Basahin natin ang bahagi ng talinghaga ni Jesus: **“16 Ang tumanggap ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talent. 17 Sa gayon ding paraan ang tumanggap ng dalawa ay nakinabang ng ibang dalawa pa. 20 At ang tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, binigyan mo ako ng limang talento: narito, ako'y nakinabang ng lima pang talent. 21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalin kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.”** (Mateo 25:16-17, 20-21 KJV) Dito sa talinghaga na ito, pinag-usapan ni Jesus ang tungkol sa Lalaki na nagtangkil sa Kanyang mga lingkod ng ilang bilang ng mga talento. Inilagay nila ito sa isang negosyo at ibinalik nila ang tubo sa Lalaki. Ito ang tuntunin ng pamumuhunan. Ang pamumuhunan ay ang paggamit ng ating pera at hindi ng ating pagsisikap o oras. Kapag namuhunan tayo ng ating pera sa isang negosyo, kailangan nating siguraduhin na walang butas upang mawala ang ating pangunahing halaga. Kung ang paunang kapital ay mawawala o hindi ligtas, ang ganitong uri ng pamumuhunan ay hindi mula sa Dios. Maaaring may mga tao o bangko na hinggin sa atin na mamuhunan sa isang bagay. Kung mapapapirma natin sa kanila ang kasunduan na ang ating kapital ay hindi maapektuhan, saka natin maaring ituloy ang pamumuhunan na may katiyakan na ito ay isang pagpapala mula sa Dios. Ngunit kung may posibilidad na mawala ang kapital, hindi tayo dapat magpatuloy. Maliban kung ang ating kapital ay ligtas, hindi natin dapat subukan na mamuhunan.

Kung tayo ay nagtatrabaho at may kinikita, dapat tayong mag-ipon kaysa ilagay ang ating pera sa negosyo. Kailangan lang nating mag-ipon para kumita ng interes.

Kung tayo ay may kapital at walang trabaho o kita, ang pinakamainam na gawin ay huwag gamitin ang ating pera para magsimula ng bagong negosyo. Mas mabuting pangalagaan ang ating kapital at ideposito ito sa bangko para kumita ng interes. Para sa ating pamumuhay, maaari tayong umasa sa ating talento, pagsisikap at oras kaysa sa kapital. Mas ligtas ito.

Bihira lamang na mainam na ilagay ang ating pera sa negosyo upang kumita ng pamumuhay. Ngunit kung gagawin natin ito, dapat itong aprubado ng Diyos. Higit pa rito, kailangan nating maging may alam tungkol sa negosyong plano nating pasukin at maging bihasa sa lahat ng aspeto nito. Hindi rin itinatagubilin na gamitin ang ating pera upang bumili ng lupa, sakahan, o bahay na wala tayong intensyon na tirhan. Marami ang nag-iisip na ito ay isang magandang pamumuhunan dahil iniisip nila na tataas ang presyo sa mga darating na araw at makakakuha sila ng kita. Iniisip nila na maaari nilang paupahan o ibenta ang bahay o lupa at kumita ng pera. Sa katotohanan, kailangan nating hawakan ang ating pera upang kapag kailangan natin ito, ito ay magagamit. Kung ilalagay natin ang ating pera sa isang bahay, lupa, o sakahan, sa oras na kailangan natin ito, hindi ito magiging posible. Mawawala ang halaga ng ari-arian kung magmamadaling ipagbili. Bukod pa rito, kapag inuupahan natin ang isang bahay, maaaring masira ito ng mga nangungupahan at sa oras na nais nating manirahan dito, kailangan nating gastusan ng malaki upang maibalik ito sa dating ayos. Ang pinakamainam na gawin ay ilagak ang ating kapital sa bangko at kumita ng interes upang sa anumang oras na kailangan nating bumili ng sariling bahay, ang ating pera ay magiging magagamit.

**II. Interes:** Isa pang paraan para magkaroon ng dagdag na pera ay ang ilagak ang ating pera sa bangko at tumanggap ng tiyak na porsyento ng interes. Inirerekomenda rin ng Panginoong Jesus na **“27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang.”** (Mateo 25:27 KJV) Ang interes ay kapag inilalagay natin ang ating pera sa bangko bilang nakapirming nakalagak at nakakakuha ng kaunting tubo. Ito ay parang isang pamumuhunan ngunit may kaunting kita.

Kapag nagpapautang tayo ng pera sa iba na kapatid natin sa pananampalataya, ito ay dapat walang ganansya o interes.

**“25 Kung magpautang ka ng salapi sa kanino man sa aking bayan na kasama mo na dukha, huwag kang magpapakamanunubo sa kaniya ni hihingan mo man siya ng tubo.”** (Exodo 22:25 KJV)

*“35 At kung maghirap ang iyong kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang taga ibang bayan at nakikipamayan. 36 Huwag kang kukuha sa kaniya ng patubo o pakinabang, kundi matakot ka sa iyong Dios: patuluyin mo ang iyong kapatid. 37 Ang iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kaniya na may patubo, ni ibibigay mo sa kaniya na may pakinabang ang iyong pagkain.” (Levitico 25:35-37 KJV)*

*“19 Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, tubo ng anomang bagay na ipinahihiram na may tubo.” (Deutronomio 23:19 KJV)*

Sa dayuhan, pinapahintulot ng Banal na Kasulatana sa atin na mangutang na may tubo, *“20 Sa isang taga ibang lupa ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni't sa iyong kapatid ay huwag kang magpapahiram na may tubo: upang pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong pinapasok upang ariin.” (Deutronomio 23:20 KJV)* Ang aking inirerekomenda tungkol sa pagpapahiram na may tubo sa ibang tao ay huwag itong gawin, dahil maaari itong magdulot sa atin ng problema at mahirapan tayo sa mga isyu pampamayanan. Bukod pa rito, hindi tayo nagpapatakbo ng bangko kaya hindi natin magagawang ipagtanggol ang ating sarili sa harap ng mga awtoridad sakaling magkaroon ng problema. Ang aking inirerekomenda ay kung may kapatid sa atin na may pera na hindi niya kailangan, maaari niya itong ilagak sa bangko at makatanggap ng makatuwirang tubo na makakadagdag sa kanyang ipon sa halip na mangutang na may tubo. Sa ganitong paraan, hindi tayo tatanungin tungkol sa legalidad nito. *“4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.” (2 Timoteo 2:4 KJV)*

**III. Mana:** Maaring makatanggap tayo ng pera, bahay, at kayamanan mula sa ating mga ama, *“14 Bahay at mga kayamanan ay minamana sa mga magulang: nguni't ang mabait na asawa ay galing sa Panginoon.” (Kawikaan 19:14 KJV)* At ito ang isang paraan na pagpapalain tayo ng Dios.

Tinanggap ni Isaac ang isang mana mula sa kay Abraham ang lahat ng mayroon si Abraham. *“35 At pinagpalang mainam ng Panginoon ang aking panginoon; at siya'y naging dakila: at siya'y binigyan ng kawan at bakahan, at ng pilak at ng ginto, at ng mga aliping lalake, at babae, at ng mga kamelyo, at ng mga asno. 36 At si Sara na asawa ng aking panginoon, ay nagkaanak ng lalake sa aking panginoon, nang siya'y matanda na: at siyang pinagbigyan ni Abraham ng kaniyang lahat na inaari.” (Genesis 24:35-36 KJV)* Namana ni Isaac ang tolda ng kanyang ina, at dinala niya si Rebeca doon at ginawa siya na kanyang asawa, *“67 At dinala siya ni Isaac sa tolda ni Sara na kaniyang ina, at ipinagsama si Rebeca, at naging kaniyang asawa: at kaniya namang sininta: at naaliw si Isaac, pagkamatay ng kaniyang ina.” (Genesis 24:67 KJV)*

Ibinigay ng Panginoon ang Lupang Pangako sa Kanyang bayan bilang kanilang mana, at ibibigay nila ang Lupain sa kanilang mga anak pagkatapos nilang mamatay.

*“8 At iyong sasalitain sa mga anak ni Israel, na iyong sasabihin, Kung ang isang lalake ay mamatay, at walang anak na lalake, ay inyo ngang isasalin ang kaniyang mana sa kaniyang anak na babae. 9 At kung siya'y walang anak na babae, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa kaniyang mga kapatid. 10 At kung siya'y walang kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa mga kapatid ng kaniyang ama. 11 At kung ang kaniyang ama ay walang kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa kaniyang kamaganak na pinakamalapit sa kaniya sa kaniyang angkan, at kaniyang aarin: at sa mga anak ni Israel ay magiging isang palatuntunan ng kahatulan, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises.” (Bilang 27:8-11 KJV)*

Noong panahong iyon, naglagak ang Dios ang iba't ibang patakaran para sa mana upang maipasa mula sa mga yumao patungo sa mga buhay. Maliwanag na nakasaad sa **Bilang 27**, dapat itong mapasa sa kanyang mga anak na lalaki, sapagkat kung siya ay walang anak na lalaki, ito ay mapupunta sa kanyang mga anak na babae, at kung wala siyang anak na babae, ito ay mapupunta sa kanyang mga kapatid na lalaki, at kung wala siyang kapatid na lalaki, ito ay mapupunta sa kanyang mga tiyuhin sa panig ng ama, at kung ang kanyang ama ay walang kapatid, ito ay mapupunta sa kanyang kamag-anak na pinakamalapit sa kanya sa kanyang pamilya. Ngunit ngayon, mayroon tayong mga patakaran na inilatag ng pamahalaan ng iba't ibang bansa kung saan tayo kabilang, na malinaw na nagsasaad kung paano matatanggap ang itinakdang bahagi para sa atin.

Namamana natin ang mga bagay mula sa ating mga magulang at dapat nating pasalamatan ang Dios sa ating natatanggap dahil pinapala Niya tayo ng karagdang mga biyaya. Hindi tayo dapat huminahon o magsimulang magsayang kung tayo ay nakatanggap ng mana. Gusto pa rin ng Dios na tayo ay patuloy na maging masipag at gawin ang ating trabaho nang taos-puso dahil ang ipinagkaloob ng Dios sa atin bilang mana ay hindi lamang para sa atin kundi pati na rin sa bagay na kailangan nating ipasa sa ating mga anak. Ang mana ay makakatulong sa ating mga anak upang ituloy ang kanilang buhay, maging maayos ang kanilang pamumuhay, at bumuo ng pamilya upang maipasa ang biyaya.

Hindi tayo dapat makipag-away o magpakasawa sa pagtatalo upang makuha ang mana. Kung ang ating mga magulang ay naglagay ng isang bagay sa ating pangalan o ito ay dumating sa atin ayon sa mga batas ng gobyerno, ito ay mula sa Diyos. Ngunit kung hindi, hindi natin dapat pagtawanan o makipagtalo sa ating mga kapatid at iba pang kamag-anak para sa mana. **“13 At sinabi sa kaniya ng isa sa karamihan, Guro, iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana. 14 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Lalake, sino ang gumawa sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo? 15 At sinabi niya sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.”** (Lucas 12:13-15 KJV)

Pagpapalain tayo ni Jesus. Hindi natin kailangang makipaglapan para sa isang mana; sa halip, kailangan lamang nating magtiwala sa Kanya. **“6 Pagtatalalan ng mga taong masasama ang pagiisip at salat sa katotohanan, na nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang.”** (1 Timoteo 6:6 KJV) **“5 Mangilag kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan.”** (Hebreo 13:5 KJV) Magpasalamat tayo sa lahat ng ibinigay sa atin ng Panginoon. Kailangan nating magtiwala sa Kanya at ituon ang ating paningin sa Kanya at pagpapalain Niya tayo. **“5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man.”** (Awit 34:5 KJV)

**Sa aking mahal at minamahal:** Halina't lumapit tayo ngayon sa Dios na nagmumuni-muni sa lahat ng biyaya na Kanyang ibinigay sa atin, at maging matalino tayo at manalangin at hingin sa Dios na gabayan tayo kung paano pangasiwaan ang lahat ng mga biyayang ito ng Dios upang magamit ang mga ito para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa Kanyang layunin sa ating buhay sa pagbibigay sa atin ng lahat ng mga pinagkukunang-yaman. Maging maingat tayo at iwasan ang pagsabak sa mga negosyo na hindi natin alam kung paano pamahalaan, at iwasan natin ang maling gawain ng pagpapautang ng pera nang may tubo, sa halip gamitin natin ang kapital na ibinigay ng Dios sa atin upang ilagay sa bangko bilang nakapirming nakalagak upang makakuha tayo ng interes at kumita ng kaunting kita.

Sa pagkakataong ito ay pinapayuhan din kita na makipag-ugnayan sa akin at ibahagi ang iyong suliranin sa simbahan upang matulungan ka naming matuklasan kung ano ang nasa isip ng Dios kung paano ligtas at maayos na gamitin ang mga pananalapi na inilagay ng Dios sa iyong mga kamay.

Manalangin tayo...

**Ang aking panalangin:** Ama Diyos, ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa lahat ng mga yaman na natanggap ko mula sa iyo. Salamat sa mga aral, mga pagtutuwid, at mga pangangaral na natanggap ko sa mensaheng ito at sa Iyong paggabay sa akin sa pamamagitan ng Iyong Salita kung paano gamitin ang mga yamang iyon.

Ipahayag at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa kayabangan, kasakiman, makamundong pagnanasa at sa pagmamahal sa mga materyal na bagay. Itakwil ang iyong masamang pagpapastol at pag-aaksaya ng iyong mga yaman. Magsisi sa pakikibahagi sa negosyo na hindi ayon sa kalooban ng Dios at nawawalan ng iyong mga yaman dito. Magsisi sa pagpapahiram ng pera na may tubo. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban at hindi sa plano na inihanda ng Dios para sa iyo. Magsisi sa hindi pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan sa panalangin. Magsisi sa hindi kahandaan na maglingkod kay Cristo at magdanas ng hirap para sa Kanyang layunin. Panginoon, ako ay nagsisisi at itinatakwil ang mga sumusunod na kasalanan \_\_\_\_\_.

Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang mamuhay ayon sa mga turo na aming natutunan ngayon mula sa mensahe tungkol sa pamumuhunan, interes, at mana. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang maging mabuting katiwala ng aking mga pinagkukunang yaman na ibinigay mo sa akin sa ganitong paraan. Panginoon, pangunahan mo ako palagi sa pamamagitan ng iyong Banal na Espiritu at ipaalala sa akin na gawin ang tama, handa akong mamuhay ayon sa iyong kalooban at sa mabuting plano na inihanda mo para sa akin. Panginoon, handa kong buksan ang aking buhay sa iyong simbahan upang ako ay pamunuan at gabayan sa sentro ng iyong kalooban.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nanginig sa mensahe na ipinangako ang kanilang sarili na maging mabuting katiwala sa mga pinagkukunang yaman na kanilang natanggap mula sa iyo. Panginoon, patuloy mong pagkalooban sila at gawing mabuting saksi ang kanilang buhay upang sundan ng iba.

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulongan kaming patuloy na gabayan ang iyong bayan sa pamamagitan ng iyong Salita upang magamit nila nang maayos ang kanilang mga yaman at matugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan at upang maiwasan ang mga problema. Panginoon, pangunahan mo kami na turuan ang mga bagong tao ng mga prinsipyong aming pinag-aralan at kailangan nila sa kanilang buhay. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mangaral, gumawa ng mga bagong alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim pa ng maraming pag-aaral sa Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang higit pang mga tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagparito upang sumama kami sa iyo pagdating mo. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahn, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)